# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang modyul na ito ay tungkol sa kapayapaang pandaigdig. Umpisahan natin ito sa pag-aaral ng tanyag na pangungusap na ito:

> **Yaman din lamang na ang digmaan ay nagsimula sa isipan ng tao, sa isip din ng tao dapat isagawa ang mga panlaban para sa kapayapaan.**
>
> - United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO)

Ano ang maaaring kahulugan ng pangungusap na nasa itaas?

Kadalasan, ang mga pagkakaiba sa ating kultura ang karaniwang sanhi ng di-pagkakaunawaan at di-pagtitiwala ng bawat tao sa mundo.

Ang "isipan ng tao" sa pangungusap ay tumutukoy sa mga lider ng bansa. Kung ihahalili natin ang "isipan ng tao" sa "lider ng bansa," magiging malinaw ba ang mensahe? Nangangahulugan na ang mga lider ng bansa ang nag-uumpisa ng kaguluhan. Kaya, upang maiwasan ang digmaan, dapat na payapa ang kalooban ng mga lider ng bansa. Mahalaga ang pagkakaisa sa pagitan nila upang magkaroon ng kapayapaan. Ito ang dahilan kung bakit nagkaisa ang mga bansa sa buong mundo at nalikha ang United Nations.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945, nakita ng mga bansa na dapat iwasan ang digmaan sa anumang paraan. Hanggang ngayon, lahat ng mga bansa ay patuloy na umaasa sa pagkakaroon ng mapayapang mundo.

Ang modyul na ito ay tungkol sa samahan sa mundo na nagkaisa upang mapanatili ang kapayapaang pandaigdig. Kasama dito ang United Nations na kung saan miyembro nito ang Pilipinas, ang *North Atlantic Treaty Organization* at ang *Organization of Islamic Conference*. Nahahati ang modyul na ito sa apat na aralin:

Aralin 1 – *Ang Pangangailangan sa mga Tagapamayapang Pandaigdig*

Aralin 2 – *Ang Ginagampanang Papel ng United Nations*

Aralin 3 – *Iba Pang mga Tagapamayapang Pandaigdig*

Aralin 4 – *Ang Pilipinas at ang Mundo*



## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, may kakayahan ka nang:

- ipaliwanag ang pangangailangan ng mga tagapamayapang pandaigdig;
- makilala ang mga layunin at gawain ng ibang samahan gaya ng UN;
- talakayin ang mga mahahalagang papel na ginagampanan ng mga organisasyong pandaigdig sa pagpanatili ng kapayapaan at pagpapaunlad ng buhay ng tao;
- mapag-usapan ang mga kontribusyon ng Pilipinas sa pangangalaga ng kapayapaan ng mundo; at
- maisabuhay ang mga mapayapang paraan sa paglutas ng kaguluhan.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo umpisahang pag-aralan ang modyul, gawin mo muna ang pagsusulit na ito upang malaman kung ano na ang alam mo sa paksang ito.

Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Lagyan ng (4) sa ilalim ng hanay ng "Sumasang-ayon" kung sang-ayon ka sa pangungusap. Kung hindi, lagyan ng (8) sa ilalim ng hanay ng "Di-Sumasangayon". Tandaan na isang marka ng (4) lamang ang ilalagay sa bawat pangungusap.

| | **Sumasang** |
|---|---|
| 1. Ang pangunahing layunin ng United Nations ay ang kapayapaang pandaigdig at pakikipagtulungan sa mga bansa.<br>2. Nilikha ang kapayapaang pandaigdig upang iwasan ang muling pagkakaroon ng digmaan. Dapat silang tumugon sa lumalaking kaguluhan ng mundo.<br>3. Ikinakalat sa mga magulong lugar ang mga tagapamayapa kahit walang pahintulot ng mga taong kasangkot. Ipinadadala ang mga ito ng UN kung nararapat na gawin ito. | |

| | Sumasang-a |
|---|---|
| 4. May mga sariling problema ang bawat bansa. May kanya-kanyang mga problema at gawain ang bawat isa. Hindi dapat makialam ang ibang bansa sa mga gawaing panloob . | |
| 5. Armado at pinayagan ang mga tagapamayapa na gumamit ng puwersa para lang sa pagdepensa sa sarili. | |
| 6. Hindi maiiwasan ang mga digmaan, kaguluhan at di-pagkakaunawaan. Ang mga ito ay katotohanan at dapat lang na masanay tayo. | |
| 7. Magiging epektibo ang paglutas sa mga di-pagkakaunawaan kapag handang makinig sa isa't isa ang magkabilang panig. | |
| 8. Isang pangunahing tungkulin ng UN, ng North Atlantic Treaty Organization, at ng | |

Kamusta? Sa palagay mo kaya maayos ang pagkasagot mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47.

Kung tama lahat ng sagot mo, magaling! Ipinakikita lang nito na marami ka nang alam sa mga paksa sa modyul na ito. Kailangan mo pang pag-aralan ang modyul upang pagbalik-aralan ang mga paksang alam mo na. Maaari ka pa ring matuto ng mga bagong kaisipan.

Kung mababa ang nakuha mo, huwag mag-alala. Nangangahulugan na para sa iyo ang modyul na ito. Matutulungan ka nitong maunawaan ang ilang mahahalagang konsepto na maaari mong maisabuhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, maraming bagay ang iyong matututunan. Nakahanda ka na ba?

Maaari ka ng mag-umpisa sa Aralin 1.

# Ang Pangangailangan sa mga Tagapamayapang Pandaigdig

Bakit kailangang mapanatili ang kapayapaan? Para saan ang mga tagapamayapa?

Matutulungan ka ng araling ito na malaman ang mga sagot sa mga tanong sa itaas. Tatalakayin nito ang mga salik na tumulong sa pagtatatag ng UN bilang isang samahang nagbibigay ng kapayapaan sa daigdig.

Ang Ikalawang Digmaan Pandaigdig ang pangunahing pangyayaring naghahatid ng pandaigdigang kapayapaan. Sa araling ito, maiintindihan mo ang mga pangyayari na maaaring maging daan upang ang mga bansa ay tumulong upang maiwasan ang pagkakaroon uli ng digmaan.

Pagkatapos ng araling ito, may kakayahan ka nang:

- ipaliwanag ang pangangailangan para sa mga tagapamayapang pandaigdig;
- talakayin kung paano napag-isa ng Ikalawang Digmaan ang iba't ibang bansa sa buong mundo upang iwasan ang pagkakaroon muli ng ganitong pangyayari; at
- matuklasan ang umpisa ng United Nations.

## Basahin Natin Ito


Sasang-ayon ka ba sa akin kung sasabihin kong ang pag-aaway o kaguluhan ay isang normal na pangyayari?

Basahin ang komiks sa ibaba at isiping ikaw ang pangunahing tauhan sa kuwento. Maaaring mangyayari sa iyo ang kuwentong ito.




Nagsigawan kayo at nagsisihan sa nangyari.
Maya- maya ay nagtutulakan na kayo.
Nakita kang nakikipag-away ng ilan sa iyong mga kaibigan at tinulungan ka sa pamamagitan ng pagsuntok sa iyong kapitbahay.
Pagkatapos, nagkataong dumaan ang mga kaibigan ng iyong kapitbahay at nakita ang kaguluhang nangyayari.
Habang papalapit sila, nakita nila na ang kaibigan nila ang iyong sinasaktan kasama ng iyong mga kaibigan.
Kaya, sumali na rin sila sa away upang tulungan ang kanilang kaibigan.

Ang simpleng di-pagkakaunawaan sa pagitan mo at ng iyong kapitbahay ay naging malubhang kaguluhan sa iyong paligid.





## Subukan Natin Ito

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang mga sagot sa ibaba.

1. Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit nagiging malubhang gulo ang simpleng di-pagkakaunawaan?

   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

2. Ano ang maaaring nangyari sa kuwento kung nanatiling tahimik ang mga taong nagdaan lang sa halip na sumali sa gulo? Ano kaya kung pinaghiwalay kayong dalawa at sinubukang aregluhin ang gulo?


   ________________________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

Tapos mo na bang sagutin ang mga tanong? Kung ganon, ihambing ang mga sagot sa mga posibleng sagot sa ibaba. Magiging gabay mo ang mga ito habang patuloy mong pinag-aaralan ang araling ito.

*Nagiging malubhang gulo ang simpleng di-pagkakaunawaan dahil parehong mainit ang ulo ng aking kapitbahay. Hindi namin pinakinggan ang paliwanag sa nangyayari. Hindi rin namin pinakinggan ang bawat isa. Kumampi ang aming mga kaibigan sa halip na gumitna sila. Sumali sila sa gulo sa halip na lutasin nang payapa ang aming gulo. Dahil dito, hindi lang kami ang nag-away. Naisali na rin ang buong komunidad.*



## Alamin Natin

Kadalasang pinagmumulan ng gulo ang mga di-pagkaaunawaan at ang mga paglalaban. Maaari itong magsimula sa maliit na di-pagkakaunawaan at kung hindi ito binibigyan ng pansin, maaari itong lumala.

Kapag may galit ang tao, mahirap talagang maayos ang gulo nang mapayapa maliban na lang kung may taong mahinahon na mamamagitan sa kanila. Ipinahihiwatig nito ang gawain ng tagapamayapa na tumulong sa mga nagkakagulo na malutas nang payapa ang kanilang di- pagkakaunawaan. Mahalaga na manatiling mahinahon ang mga tagapamayapa at walang kinikilingan upang makuha nila ang tiwala ng bawat panig.

Sa iyong palagay, kapag ang dalawang bansa ay nagkagulo, malulutas ba ito sa pagtulong ng ibang bansa? _____ Oo _____ Hindi

Kung oo, bakit? Paano nakatutulong ang ibang bansa sa gulo sa pagitan ng mga bansang nagkakagulo? Ipaliwanag ang iyong sagot.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Tapos mo na bang sagutin ang tanong? Kung ganon, ihambing ang iyong sagot sa posibleng sagot sa ibaba.

*Oo, sumasang-ayon ako na ang ibang bansa ay makatutulong na malutas ang gulo ng dalawa o higit pang bansa bago ito maging malubha. Maaaring magdulot ng pinsala sa relasyon ng parehong bansa ang mahabang kaguluhan sa pagitan ng mga bansa. Kapag nangyari ito, maaaring maging digmaan ang kaguluhan. Maraming tao ang maaaring mamatay at maraming ari-arian ang masisira. Maaaring kumalat ang gulo sa mga malalapit na bansa at mas mahirap itong malutas.*

*Makatutulong ang isang bansa sa paglutas ng problema ng mga karatig bansa sa pamamagitan ng pagako ng katungkulan bilang tagapamayapa. Makatutulong sila na paglayuin muna ang mga bansang ito samantalang ang mga tagapamayapa ang kukumbinsi na malutas ang gulo ng payapa.*

## Subukan Natin Ito


Sa ibaba ay ilang mga pangyayari ng may kinalaman sa digmaan. Kung sa iyong palagay, nangyayari ang kalagayan kapag may digmaan, lagyan ng tsek (4) ang hanay ng Oo. Kung hindi, lagyan ng ekis(8) ang hanay ng Hindi.

| Pangyayari |
|---|
| 1. Maraming tao ang mamamatay. |
| 2. Walang magugutom sapagkat maraming ras ang maipapakain sa biktima. |
| 3. Isasara ang mga eskuwelahan at opisina. |
| 4. Maraming magkakasakit, lalo na ang mga b |
| 5. Masisira ang mga opisina at simbahan. |
| 6. Matatakot lumabas ang maraming tao. |
| 7. May sapat na pagkain. |
| 8. Maraming tao ang manonood ng sine at mamamasyal sa mga parke at sa mga lugar libangan. |
| 9. May putukan sa lahat ng dako. |
| 10. Maaari pang mabuhay nang payapa. |

Ihambing ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp.47–48.

## Alamin Natin

Pag-aralan ang larawan sa ibaba.



Gusto mo bang tumira sa ganitong lugar? Bakit oo, bakit hindi?

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

Siyempre, ayaw mong tumira sa ganitong lugar, di ba? Mas gusto mong tumira sa tahimik na lugar kung saan mabubuhay ka nang normal at tahimik, hindi ba?

Maaaring magdulot ng sobrang kasiraan sa tao, lipunan at bansa ang digmaan. Ang ilang epekto ng digmaan ay:

- lubhang pagkagutom
- pagkasira ng mga bahay
- krisis sa ekonomiya
- pagkasira ng mga lugar na pangkultura tulad ng museo at parke
- paglabag sa karapatang pantao
- kamatayan
- pagkasira ng mga kapaligiran
- mga sakit
- pagkasira ng mga paaralan, ospital at simbahan



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Dahil sa pagkaranas at pagsaksi ng mga kakila-kilabot na epekto ng digmaan, maraming bansa ang gagawa ng paraan upang maiwasan ang muling pagkakaroon ng digmaan. Limampu't isang (51) bansa ang nagpasiyang magkaisa upang maiwasan ang pagkakaroon uli nito. Nilikha ang UN noong ika-24 ng Oktubre, 1945 pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nilikha ito upang protektahan ang mga susunod pang henerasyon mula sa mga kapahamakang pandigmaan at upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga kaguluhan sa mga bansa. Kinikilala nito na nangangailangan ang ilang sitwasyon ng mga taong walang kinikilingan upang malutas nang payapa ang mga gulo.

Dahilan sa dedikasyon sa kapayapaan, nagkaroon ng ideya ang mga lider ng UN na bumuo ng naiibang grupo ng mga sundalo at sibilyan sa buong mundo. Tumutulong sila sa pagpapanatili ng katahimikan sa mga magugulong lugar. Noong 1948, inilunsad ang papel ng UN bilang tagapamayapa. Ang mga unang tagapamayapa ay ipinadala sa Gitnang Silangan upang maiwasan ang pagkakaroon ng panibagong digmaan.



Simbolo ng UN

Sa iyong pamayanan, may kakilala ka bang mga tao o ahensiya na gaganap bilang tagapamayapa? Kung mayroon itala ang mga ito sa ibaba.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Maaari mong ihambing ang iyong sagot sa halimbawang sagot sa ibaba.

*Ayon sa UN, ang tagapamayapa ay maaaring isang kaibigan, kapitbahay, kamag-anak o miyembro ng pamilya. Maging sinuman ang tagapamayapa, iisa ang layunin: Ilayo sa isa't isa ang mga magkaaway, alamin ang mga pangyayari at subukang gumawa ng solusyon sa problema na maaaring tanggapin ng lahat.*




## Pag-isipan Natin Ito

- ♦ Alam mo ba na ang ating bansa ay isa sa limampu't-isang bansa na lumikha ng UN?
  - – Isa ang ating bansa sa mga nangunang bansa na sumali sa United Nations at nanatiling aktibong kasapi mula pa noong 1948.
  - – May 189 bansa ang kasapi sa UN.



- ♦ Alam mo ba na isa sa mga nagdaang pangulo ng UN ay Pilipino? Kung oo, masasabi mo ba kung sino siya? ____________________
  - – Kung ang sagot mo ay si **Carlos P. Romulo**, tama ka. Naging Pangulo siya ng **UN** noong 1949 at siya ay naging kagalang-galang at kilalang *public servant* sa buong buhay niya.



## Alamin Natin

### Ang Security Council

May anim na pangunahing sangkap ang UN: General Assembly, Security Council, Economic and Social Council, Trusteeship Council, Secretariat, at ang International Court of Justice.

Ang sangkap ng UN na nagtataguyod ng kapayapaan at seguridad sa buong mundo ay ang Security Council. Kapag nakakita ang Konseho ng pagbabanta sa kapayapaan ng mundo, humahanap muna ito ng mga paraan upang maayos nang mapayapa ang mga kaguluhan. Maaari itong magmungkahi ng mga balangkas ng kasunduan o magsagawa ng pag-uusap.

Ano ang gagawin ng Security Council kung patuloy pa rin ang kaguluhan sa kabila ng mapayapang pagsasaayos ng gulo?

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________

Ang pangunahing layunin ng mga tagapamayapa ay paglayuin ang mga hindi magkasundong panig. Kung patuloy pa rin ang gulo, manghihingi ang konseho ng **tigil-putukan** sa pagitan ng magkabilang pangkat. O kaya ay magpapadala ng misyon na tutulong upang lumagda sa isang kasunduang pangkapayapaan. Ang tigil- putukan ay isang pansamantalang panahon ng kapayapaan sa pagitan ng mga kalaban habang ginaganap pa ang pag-uusap.




## Subukan Natin Ito


Tingnan ang mga bandila sa ibaba. Ang mga bansang kinakatawan nila ay ang limang permanenteng miyembro ng UN Security Council. Makikilala mo ba ang mga bansang kinakatawan nila?




1. ____________________




2. ____________________



3. ____________________



4. ____________________



5. ____________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48. Tama ba ang mga sagot mo? Kung gayon, magaling! Kung hindi, okay lang. Ipagpatuloy ang pag-aaral at marami ka pang malalaman.



## Magbalik-aral Tayo

Punan ang mga puwang ng tamang sagot. Piliin ang mga sagot mula sa kahon sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| Limampu't isa | Ikalawang Digmaang Pandaigdig | Security Council |
| Kasunduang Pangkapayapaan | | Pagpapanatili ng Kapayapaan |
| Carlos P. Romulo | Oktubre 24, 1945 | Lima |

Nilikha ang United Nations noong (1)______________________. (2)_______________________ bansa ang nagkaisa upang maiwasan ang isa pang (3)_______________________. Naniniwala sila na maaaring pumuksa ng sangkatauhan ang digmaan.

Nakita ng UN na dapat mapanatili ang kapayapaan. Noong 1948, ipinadala sa Gitnang Silangan ang unang misyon sa (4)_______________ ng UN. Ang (5)_______________________, ang sangkap na responsable sa ganitong uri ng misyon ng UN. Responsable ito sa paghanap ng mga paraan upang lumagda ang magkabilang panig ng (6)________________. May (7)__________________ permanenteng miyembro ang UN, kasama na ang Estados Unidos.

Ang unang Asyanong Pangulo ng UN ay si (8)_______________________. Napili siyang Pangulo ng UN noong 1949 sa Fourth General Assembly.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.



## Subukan Natin Ito

Paano kung napagitnaan ka ng pagtatalo ng dalawa sa iyong malapit na kaibigan, may papanigan ka ba o mananatili kang *neutral*? Bakit oo, bakit hindi?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________


Ihambing ang iyong sagot sa mga halimbawang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.

## Basahin Natin Ito

Katulad ng nabanggit na, ang unang misyong pangkapayapaan ng UN ay isinagawa sa Gitnang Silangan noong 1948. Layunin nito na manmanan ang tigil-putukan sa pagitan ng Israel at ng katabing bansang Arabo. Subalit, nito lamang 1956 itinatag ang kauna-unahang puwersang pangkapayapaan ng UN at muling ipinadala sa Gitnang Silangan.


Ang kuwento sa ibaba ang magsasalaysay kung paano lumitaw ang ideya ng pagpapadala ng puwersang pangmilitar na magsisilbing tagapamagitan ng mga bansang nag-aaway.

### Ang Unang Misyong Pangkapayapaan ng UN




Nagsimula ang gulo nang sinabi ng pangulo ng Ehipto na si Gamal Abdal Nasser na isasailalim sa Pamahalaan ng bansa ang Suez Canal. Ang canal ay ang daang tubig na nag-uugnay sa Mediterranean at Red Sea. Napakahalagang daan ito para sa iba't ibang bansa sa Europa. Sinabi ni Nasser na magbabayad ang mga barko na dadaan sa canal upang magawa ang Aswan High Dam sa Nile River. Sinabi niya sa harap ng nagsisigawang mga tao na ang mga imperyalista, tinutukoy ang Britanya, Pransya at Israel ay masasakal sa kanilang galit.

Nabahala ang Pransya at Britanya sa mga plano ni Nasser na kontrolin ang napakahalagang daangtubig na ito. Gumawa ng mga lihim na plano ang Israel upang lusubin ang Ehipto. Nagpadala ang Pransya at Britanya ng mga tropa ng militar upang protektahan ang canal.



Noong Oktubre, nagkaroon ng pag-aaway sa pagitan ng Ehipto at Pransya, Britanya at Israel. Parang ang Unyong Soviet at ang Estados Unidos ay muling mapapasali sa labanan at maaaring kumampi, na magpapalala sa away. Nababahala ang buong mundo na baka humantong ito sa isa pang digmaang pandaigdig.

Mabuti na lang, natuto na ang mundo sa mga pangyayari sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Si Lester B. Pearson, ang dating diplomatiko ng Canada, ay nagmungkahi na ang puwersang militar na

suportado ng UN ang maaaring makapaghiwalay ng mga nag-aaway na hukbo at mamamahala ng tigil-putukan. Sumang-ayon naman ang UN General Assembly at dito naisilang ang pagpapanatili ng kapayapaan ng UN.



## Magbalik-aral Tayo

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang maaaring mangyari kung hindi nagpadala ang UN ng tagapamayapa na namagitan sa Ehipto at sa mga bansa sa Europa? Sa pagsagot sa tanong, pag-aralan ang mga larawan sa ibaba.



Walang Tagapamayapa




May Tagapamayapa

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


2. Sa iyong palagay magandang ideya ba ang pagpapadala ng puwersang militar na namagitan sa Gitnang Silangan? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Tapos ka na ba sa pagsagot? Ihambing ang mga ito sa mga halimbawang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49.




## Alamin Natin

### Ang Blue Berets

Pagkilos ng puwersang Tagapamayapa ng UN



Alam mo ba na kilala bilang "Blue Berets" ang tagapamayapa sa UN?

Dahil nakasuot sila ng asul na beret o helmet na may tatak na malaking titik na U at N sa harap. Ang mga helmet na ito ang nagpapakilala sa kanila bilang kasapi ng puwersang tagapamagitan pa. Wala silang ibang uniporme maliban sa unipormeng pangmilitar ng kanilang bansa. Mahalaga ring malaman na walang sariling puwersang pangmilitar ang UN .

Kung walang sariling puwersang pangmilitar ang UN, saan nanggagaling ang mga tagapamayapa?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ang puwersang tagapamaya ng UN ay binubuo ng puwersang militar mula sa mga estado na kasapi sa UN na hindi nasasangkot sa kaguluhan. Ang mga kasapi ang kusang nagbibigay ng tropa at mga kagamitan.

Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit kusang nagbibigay ng tropa at kagamitan ang mga miyembro ng estado ng UN? Hindi kaya isang mapanganib na misyon ang pagpapanatili ng kapayapaan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Sumang-ayon ang lahat ng miyembro ng estado ng UN na kumilos para sa kapayapaan noong sumapi sila dito. Ayon sa ulat ng UN, 123 bansa ang nag-ambag ng mga militar at mga sibilyang tauhan sa iba't ibang panahon mula pa noong 1948 sa kanilang unang misyon.

Hanggang nitong Oktubre 31, 2000, walumpu't-walong (88) bansa ang nag-ambag ng halos 38,000 militar at sibilyang pulis. Tingnan ang talahanayan sa ibaba. Ipinapakita nito ang limang pangunahing bansa na nag-ambag ng puwersang militar sa pangkapayapaang misyon ng UN.

**Limang Bansang may Pinakamalaking Ambag sa Bilang ng Puwersang Military para sa mga Misyong Pangkapayapaan ng UN.**

| Mga Bansa | Ipinadalang Puw |
|---|---|
| 1. India | 4,46 |
| 2. Nigeria | 3,44 |
| 3. Jordan | 3,40 |
| 4. Bangladesh | 2,39 |
| 5. Ghana | 1,89 |

Alin sa mga bansang nabanggit ang may pinakamalaking ambag sa bilang ng puwersang militar?________________________________________

Alin ang may pinakakaunti?______________________________________

Kung India ang sagot mo sa unang tanong, at Ghana sa pangalawa, tama ka! Mula sa talahanayan, nakikita natin na nag-ambag ang India ng pinakamaraming bilang ng puwersang militar, 4,460, sinundan ng Nigeria, 3,441, at ang mga sumunod pa.

Kailangang walang kikilingan ang mga tagapamayapa sa lahat ng oras. Ano sa palagay mo ang dahilan nito?______________________________________

________________________________________________________

Ang dahilan nito ay upang magkaroon sa kanila ng tiwala ang mga panig na sangkot. Kapag may kinilingan sila, sa halip na mapatigil ang gulo, lalo itong lalala. Totoong mapanganib na gawain ang pagbibigay ng kapayapaan. Mahigit nang 1,650 na tagapamayapang militar at sibilyan ang namatay habang isinasagawa ang kanilang gawain mula pa noong 1948.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng taong walang kinikilingan sa pagitan ng mga hindi magkasundong panig?

   __________________________________________________

   __________________________________________________

   __________________________________________________

2. Ipaliwanag kung bakit itinatag ang United Nations.

3. Bakit kailangan ang mga Tagapamayapang Pandaigdig?

4. Paano naglulunsad ng kapayapaan ang UN?

Tapos ka na ba sa pagsagot? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49.



## Tandaan Natin

Bago umpisahan ang susunod na aralin, narito ang mga mahahalagang puntos sa araling ito na dapat tandaan.

- Kailangan ang Tagapamayapang Pandaigdig upang maiwasan ang paglala ng mga kaguluhan.
- Nagsisilbing tagapamagitan ang mga tagapamayapa sa mga di magkasundong panig. Tumutulong ang mga ito na maayos ang kanilang kaguluhan nang mapayapa.
- Mahalaga na walang kikilingang panig at ang mga tagapamayapa upang makuha ang tiwala ng bawat panig at magkaroon ng kasunduang pangkapayapaan.
- May pinakamaraming nasira ang Ikalawang Digmaan Pandaigdig at naging daan ito sa pagtatag ng United Nations.
- Itinatag ang United Nations noong ika-24 ng Oktubre, 1945. Priyoridad nito ang pagpapanatili ng kapayapaan sa mundo. Ito ang dahilan kung bakit nabuo ang ideya na magpadala ng mga tagapamayapa sa mga nagkakagulong lugar upang maiwasan ang paglala ng mga kaguluhan.

# Ang Tungkulin ng United Nations Bilang Tagapamayapa

Napag-aralan mo sa Aralin 1 ang dahilan kung bakit itinatag ang United Nations at ang dahilan kung bakit kailangan ang mga tagapamayapa. Sa araling ito, marami kang malalaman tungkol sa kung paano kumilos ang United Nations para sa kapayapaan.


Tatalakayin ng aralin ang iba't ibang serbisyo ng ipinagkakaloob ng United Nations sa mga tao sa oras ng kaguluhan.

Pagkatapos mapag-aralan ang araling ito, may kakayahan ka nang:

- kilalanin ang iba't ibang tungkulin at gawain na ginagawa ng United Nations sa pagpapanatili ng kapayapaan; at
- talakayin ang mga misyong pangkapayapaan ng UN.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito




Mula sa larawan sa itaas, makikilala mo ba ang iba't ibang gawain ng UN sa paglulunsad ng kapayapaan?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 50.

## Basahin Natin Ito

Mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsagawa ang UN ng mga gawain upang maiwasan ang pagsiklab ng isa pang digmaang pandaigdig.

Pag-aralan ang mga ulo ng balita at ang buod ng mga balita sa ibaba. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. **Pagdating sa Tel Aviv, sinabi ni Annan na itigil na ang pagdanak ng dugo, umpisahan na ang Pangkapayapaan**

   Oktubre 9 - pagdating sa Tel Aviv ni UN Secretary General Kofi Annan para sa isang mahabang misyon ng pagpigil sa nagaganap na krisis sa Gitnang Silangan, hinikayat niya ang lahat ng sangkot na panig—mula sa mga pangulo hanggang sa karaniwang mamamayan—na huwag pumayag sa karahasan at lahat ng mga kilos sa lansangan ay daanin sa negosasyon.

2. **Hinikayat ng sugo UN ang patuloy na kasunduang pandaigdig sa Kosovo.**

   Oktubre 9 - hinikayat ngayon ng pinuno ng United Nations Interim Administration Mission sa Kosovo (UNMIK) na si Dr. Bernard Kouchner, na ipagpatuloy ang pagpapadala ng militar at pagbibigay ng suportang pang-ekonomiya sa Kosovo, sa kabila ng mga pangyayari sa Belgrade.

3. **Nanatiling umaasa ang Secretary-General pagkatapos ng pakikipag-usap kay Arafat Barak.**

   Oktubre 10 - Pagkatapos ng magkakasunod na pulong sa mga matataas na lider ng Israel at Palestine, sinabi ngayon ni UN Secretary-General Kofi Annan na determinado siyang ipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan sa lahat ng partidong sangkot upang itigil na ang karahasan at umpisahan na ang prosesong pangkapayapaan.

4. **UNHCR: Ang malaking kaguluhan sa Afghanistan ang nagtulak sa libu-libong katao na lumikas**

   Oktubre 10 - Ayon sa isang ahensiya ng UN, 150,000 tao ang umalis sa kanilang tahanan dahil sa malalang kaguluhan sa pagitan ng Taliban at Northern Alliance sa Afghanistan.

**Tanong:**

Mula sa mga nabasa mong mga ulo at buod ng balita, ano sa palagay mo ang mga gawain ng UN upang mapanatili ang pandaigdigang kapayapaan? Ano ang ginawa ng UN na nakasaad sa bawat ulo ng balita?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Pagkatapos sagutin ang tanong, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 50.



## Pag-isipan Natin Ito

Naranasan mo na bang maging tagapamagitan? O kaya mapagitna sa isang gulo? Kung oo, bakit mo ginawa ito? ________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Muli nating tingnan ang mga ulo ng balita 1 at 3 sa pahina 18. Anong tungkulin ng UN sa pagpapanatili ng kapayapaan ang ipinakita sa dalawang ulo ng balita?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Kapag ang iyong sagot ay gumaganap ang UN bilang tagapamagitan upang magkasundo ang magkasalungat na panig, tama ka!

Patungkol ang mga ulo ng balita sa tungkulin ng UN na palaganapin ang kapayapaan. Makikita sa dalawang ulo ng balita dito ang paghikayat ng UN sa mga lider ng Israel at Palestine na ayusin ang kanilang kaguluhan nang mapayapa. Umaasa ang UN na matatapos ang karahasan sa Gitnang Silangan sa pamamagitan ng mga negosasyong pangkapayapaan.

Ang Security Council, sa kagustuhang mapanatili ang kapayapaang pandaigdig at seguridad, ay maaaring magmungkahi ng mga paraan upang maiwasan ang kaguluhan sa pamamagitan ng negosasyon.



## Subukan Natin Ito

Ano ang masasabi mo sa ikalawang ulo ng balita sa pahina 20?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Bakit hinikayat ni Dr. Bernard Kouchner ang pamayanang pandaigdig na ipagpatuloy ang pagdalo ng mga militar sa Kosovo?

________________________________________________________________

________________________________________________________________


________________________________________________________________

Maaari mong ihambing ang mga sagot mo sa aking sagot na nasa ibaba:

*Tinatalakay ng ulo ng balita ang tungkol sa tungkulin ng* ***pandaigdigang pamayanan*** *na tumulong na magbigay ng kapayapaan sa Kosovo. Tinutukoy ng balita ang tungkuling pangkapayapaan ng UN.*

*Nanawagan ang pangulo ng UN Interim Mission sa Kosovo na si Dr. Bernard Kouchner sa* ***pandaigdigang pamayanan*** *na ipagpatuloy ang pananatili ng mga militar sa Kosovo sapagkat may karahasan pang nangyayari sa lugar. Napakahalaga ang mga tagapamayapa upang lumayo sa Kosovo ang mga puwersa ng Serbia at Albania. Makatutulong ang mga tagapamayapa na wakasan ang kaguluhang ito at maiwasan ang pagkalat nito sa kalapit na lugar.*

Ipinapakita ng balita ang kahalagahan ng pagpapadala ng puwersang militar sa lugar ng kaguluhan. Magpapadala ang UN ng mga tagapamayapa sa mga lugar ng kaguluhan upang mapaglayo ang mga panig na hindi magkasundo. Suportado ng UN ang mga tagapamayapang ito, na binubuo ng mga sundalo mula sa mga bansang hindi nakikidigma.



## Alamin Natin

Hindi madaling gawain ang pagpapayapa, pero, ito ay gawaing marangal. Ang mga gawain ng mga tagapamayapa ay:

- Tutulong silang gumawa ng mga neutral na lugar.

  Sa iyong palagay, para saan ang mga lugar na ito?

  ______________________________


  ______________________________

  ______________________________




Sa mga lugar na ito pinag-uusapan ang di-pagkakaunawaan ng mga galit na panig. Dapat sikapin ng mga tagapamayapa na libre sa karahasan ang mga lugar na ito sa lahat ng oras.

- Tumutulong ang mga tagapamayapa na maisagawa ang mga kasunduan. Dapat itong sundin ng magkabilang-panig. Nangangahulugan na mamanmanan nila ang mga kilos ng mga kasangkot. Kapag ang dalawang magkasalungat na panig ay sumang-ayon sa tigil-putukan, dapat nilang tingnan ang mga ito at hadlangan ang anumang karahasang maaaring mangyari.



Sa iyong palagay, mahalaga ba na manmanan ang tigil-putukan ng dalawang di-magkasundong panig? Bakit?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa halimbawa na nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 50.




- Tumutulong din ang mga tagapamayapa na magtatag at mamahala ng botohan. Dapat nilang siguruhin na malinis at patas ito.

  Narinig mo na ba ang tungkol sa East Timor? Minanmanan ng UN ang botohan nito upang makasi-guro na walang mangyayaring hindi maganda. Ang mga tagapamayapa ng UN ang nagbantay upang maiwasan ang karahasan na maaaring mangyari sa panahon at pagkatapos ng botohan.

Mga gabay ang nakatala sa ibaba para sa pamamalakad ng mga puwersa ng tagapamayapa.

- Ipinadadala ang mga puwersa nang may pahintulot ang mga nagkakagulong panig.
- May kaunting armas ang mga tagapamayapa at maaari lamang na gumamit ng puwersa para sa pagtatanggol sa sarili.
- Dapat silang manatiling neutral at hindi makikialam sa mga gawaing panloob ng nag-imbitang bansa. Kailangan nilang panatilihin ang hindi pagkiling sa kahit saang pagpanig.



## Magbalik-aral Tayo

Lagyan ng tsek (4) ang patlang kung ang pangungusap ay patungkol sa gawain ng UN sa pagpapanatili ng kapayapaan. Lagyan ng ekis (8) kung hindi ito patungkol dito.

______1. Ang tagapamayapa ng UN ay ipinadadala sa mga lugar ng kaguluhan kahit walang pahintulot ng mga sangkot na bansa. Pinadadala ang mga ito kung nakikita ng UN na kailangan ito.

______ 2. Pinamamahalaan at sinusubaybayan nila ang mga botohan.

______ 3. Pinamamahalaan at sinusubaybayan din nila ang mga tigil- putukan at lugar ng dipensa.

______ 4. Dapat silang kumiling sa panig na alam nilang tama.

______ 5. Maraming armas ang mga tagapamayapa dahil pangangalagaan nila na huwag masaktan ang mga sibilyan.

Pagkatapos mong sagutan ang pagsubok, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 51.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Narinig mo na ba ang Hiroshima at Nagasaki sa Japan? Kung oo, ano ang alam mo tungkol sa mga ito?

___________________________________________________________

___________________________________________________________


___________________________________________________________

Kapag isinagot mo na ang dalawang lungsod na ito sa Japan ang binomba ng Estados Unidos noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tama ka!

Talagang nakamamatay ang epekto ng bombang atomika at iba pang armas nukleyar. Daang libong tao ang namatay dahil sa mga ito.


Alam mo ba na dahil sa nakamamatay na epekto ng armas nukleyar, nangako ang UN na ihinto na ang paggamit ng mga armas na ito?

Nangako ang UN na panatilihin ang kapayapaan ng mundo sa pamamagitan ng pagbabawas ng paggamit ng mga ganitong armas.



**Ang bakas ng bomba: isang simburyo ang binomba sa Hiroshima**

Ang pagdisarma ang pangunahing hangarin ng UN. Ibig sabihin nito, ang pagpigil sa pagkalat, pagbabawas at pag-alis ng mga armas na nakakasira ng marami.



Patuloy ang UN sa papel nito bilang hukuman ng mga negosasyon ng pagdidisarma kasama ang mga kasaping estado. Kabilang sa mga kasunduang lumabas sa mga negosasyon ang: Ang Nuclear Non-Proliferation Treaty noong 1968, ang Comprehensive Nuclear-Test Ban Treaty noong 1996 at iba pang treaties na nagtatatag ng mga lugar na hindi gagamitan ng mga armas-nukleyar. Hinihikayat ng UN ang lahat ng bansa na tumangkilik sa kasunduang ito na ipagbawal ang paggamit ng mga armas sa digmaan. Sinusuportahan din nito ang mga pagsisikap upang kontrolin ang paglabas ng maliliit na sandata.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa palagay mo ba mahalaga ang tungkulin ng pagdidisarma ng UN? Bakit oo, bakit hindi?

Pagkatapos mong sagutin ang tanong, ihambing mo ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 51.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Balikan ang mga ulo ng balita sa pahina 20. Tungkol saan ang pang-apat na ulo ng balita?

Kapag isinagot mo na tungkol ito sa patuloy na kaguluhan sa Afghanistan na naging dahilan ng paglikas sa tahanan ng 150,000 na tao, tama ka !

Maraming tao ang naghihirap dahil sa digmaan, tama? Ang UN, kasama ng iba pang mga ahensiyang tumutulong ay nagbibigay ng libreng panggagamot, pagkain, at iba pang gamit para sa mga nawalan ng tirahan. Hindi lang nagpapabalik ng kapayapaan sa isang lugar ang UN.



Layunin din nitong tulungan ang mga biktima lalo na ang mga inosenteng sibilyan. Sinisiguro nito ang kanilang kaligtasan at nagbibigay para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Ang tawag sa mga gawaing ito ng UN ay mga makataong misyon.

Isinasagawa ang mga misyong ito upang mabawasan ang paghihirap ng mga biktimang sibilyan at mga sundalo. Ang mga halimbawa ng mga makataong interbensiyon ay ang pagpapadala ng mga doktor at nars at ang paglikas ng mga refugees mula sa mga nasirang lugar tungo sa kaligtasan.

Nag-uukol din ang UN ng panahon sa pagbuo ng kapayapaan. Tumutukoy ito sa mga hakbang na isinasagawa pagkatapos ng kaguluhan upang pagtibayin ang kapayapaan at maiwasan ang pag-ulit ng kaguluhan. Naniniwala ang UN na ang "pantulong sa pag-unlad" ang susi sa pagbuo ng kapayapaan. Tinutulungan nito ang mga bansa na mabuo muli ang mga serbisyong administratibo, pangkalusugan at pang-edukasyon na nahinto dahil sa kaguluhan.

Ang superbisyon ng 1999 na botohan sa East Timor, 1989 na botohan sa Namibia at ang mga programa ng paglinis ng mina sa Mozambique ang mga halimbawa ng mga misyong pangkapayapaan ng UN .



## Subukan Natin Ito

Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit lumalahok ang UN sa misyong pantao at pangkapayapaan?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 51.



## Tandaan Natin


Umaasa ang UN sa mga sumusunod na misyon o gawaing pangkapayapaan upang mapanatili ang kapayapaan sa mundo:


- *Paglunsad ng katahimikan*—Paghikayat sa magkagalit na panig na magkasundo sa pamamagitan ng diplomatikong pamamaraan.
- *Pagdisarma*—Pagpigil ng pagkalat ng mga armas, pagbawas at pagwaksi ng mga sandata.
- *Pagpapanatili ng kapayapaan*—Pagpapadala ng mga tagapamayapa (puwersang militar na neutral) sa mga magugulong lugar upang paglayuin ang mga di-magkasundong panig.


- *Mga Misyong Makatao*—Pagpapadala ng mga misyong pantao na mga pansamantalang paraan upang matulungan ang mga sibilyan na mapanatiling buhay at mabawasan ang emosyonal, mental, at pisikal na paghihirap.
- *Pagbuo ng Kapayapaan*—Pakikipagtulungan sa ibang ahensiya, mga pamahalaan ng mga punong-abalang bansa at mga samahang hindi sakop ng pamahalaan upang magdala ng tulong at mapanatili ang katahimikan sa mga bansa na nakaranas ng kaguluhan.


## Basahin Natin Ito

Pag-aralan ang komiks sa ibaba. Orihinal itong sulat mula sa isang likhang-isip na miyembro ng *United Nations Transitional Authority sa Cambodia* (UNTAC). Ang nagpadala ng sulat ay si Brian, isang kathang-isip lamang, pero ang iyong mababasa ay magsasabi tungkol sa totoong nangyari sa Cambodia noong mga nakaraang taon. Ipapahayag din ng kuwento ang tungkol sa buhay ng isang "tagapamayapa".






## Subukan Natin Ito

Batay sa nabasa mo, sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang tungkulin ni Brian bilang kasapi sa misyong UNTAC?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Itala ang mga pangangailangan ng mga tao sa Cambodia noon.

   a. ____________________________________________

   b. ____________________________________________

c. ____________________________________________

d. ____________________________________________

e. ____________________________________________

3. Ano pang ibang gawain ang isinasagawa ng UN maliban sa pagdisarma, at pagsasagawa at pagpapanatili ng kapayapaan?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Tapos mo na bang sagutin ang pagsubok? Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutan na nasa ibaba.

1. Tungkulin ni Brian bilang miyembro ng misyong UNTAC na tumulong sa mga tao na makabalik sa kanilang tirahan pagkatapos nilang iwanan ito dala ng mga mararahas na pangyayari sa kanilang lugar. Tungkulin din niya na tumulong sa taong nagsisikap na maibalik ang mga biktima sa kanilang tirahan. Ito ang pagtulong sa kanila upang makabalik sa normal na buhay.

2. Ang mga kailangan ng mga tao sa Cambodia ay:

   a. pagamutan

   b. mga paaralan at sentro para sa mga bata

   c. kaligtasan ng mga lumikas na gustong bumalik sa kanilang tirahan

   d. paglilinis ng mga mina

3. Kasama rin ang UN sa pagbibigay ng makataong pagtulong sa oras ng kaguluhan at pagbuo ng kapayapaan pagkatapos ng digmaan. Mahalagang tungkulin ng UN ang pagtulong na ito dahil nakakabawas ito sa paghihirap ng mga tao lalo na sa mga biktima ng karahasan. Isang halimbawa nito ay ang pagbibigay-kaligtasan sa mga tao kapag nagbalik sila sa kanilang tirahan.

   Ang pagbuo ng kapayapaan ang tumutukoy sa mga pagsisikap ng UN na tulungan ang mga taong mabuhay nang normal sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanilang pangangailangan upang mapaunlad ang sarili at ang lipunan. Ang mga halimbawa ng kanilang pangangailangan ay pagamutan, sentro para sa mga bata, paaralan at iba pa.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Kilalanin ang uri ng operasyong pangkapayapaan na inilalarawan sa bawat pangungusap. Kailangan isa sa mga sumusunod ang sagot mo sa bawat bilang- peace making, peace keeping, humanitarian assistance, o disarmament.

_________________ 1. Nagpadala ng pangkat ng mga doktor at nars sa East Timor ang pamahalaan ng Pilipinas upang matulungan ang mga biktima na makabangong muli sa kaguluhan.

_________________2. Hinihikayat ng UN ang mga lider ng Israel at Palestine na itigil ang kaguluhan sa kanilang bansa. Ginawa ito upang pag-usapan nila ang mga bagay na hindi nila mapagkasunduan.

_________________3. Pinamahalaan ng UN ang botohan sa East Timor upang makatiyak na walang mangyayaring karahasan.

_________________4. Tinutulungan nang UN ang East Timor simula pa nang maging isang independenteng teritoryo ito.

_________________5. Ang UN ang nagbawal sa paggamit ng mga armas na nakapipinsala ng buhay ng tao. Isa ito sa mga natutunan tungkol sa mga sandatang pumuksa ng maraming buhay noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

B. Ang nasa ibaba ay isang artikulo na tumatalakay sa kaguluhan sa East Timor. Basahing mabuti at sagutin ang mga tanong na susunod.

## ISANG PANAWAGAN NG INTERBENSIYON

**Sa gitna ng matinding pagsisikap na wakasan ang karahasang militar na lumalaganap sa East Timor, ibinalita ni Pangulong B. J. Habibie ng Indonesya noong ika-12 ng Setyembre na tatanggap na sila ng pandaigdigang tulong upang mapabalik ang kaayusan ng rehiyon.**

"Maraming tao ang namatay mula pa nang magsimula ang kaguluhan", sabi ni Habibie. "Kailangang wakasan na agad ang paghihirap at pagdadalamhati. Hindi na kami makapaghihintay."

Ang panawagan ni Habibie ay nangyari ilang linggo pagkatapos na ipilit ng Indonesiya na kontrolado nito ang sitwasyon sa East Timor. Ang kaguluhan na kumitil ng libo at nagpalikas sa halos 300,000 na katao ay pumutok pagkatapos ng reperendum noong Agosto 30 kung saan ang mga tao sa East Timor ay bumoto na hihiwalay na sila sa Indonesya.

Si Secretary- General Kofi Annan ng UN ang nag-endorso rin sa pasiya ni Habibie, pero sinabi rin niya na dapat subukan ng kanyang pamahalaan na wakasan ang kaguluhan.

Sinabi ni Annan, "Pansamantala, inaasahan ko na ang mga awtoridad ng Indonesya na nasa East Timor at ang pamahalaan ng Indonesya sa lahat ng antas na gawin ang kanilang makakaya upang mapanatili ang kaayusan at seguridad sa East Timor".

Inalerto na ng mga opisyal ng militar sa Autralia ang libo-libong sundalo na nakatalaga sa mga probinsiya sa hilaga.

Sinabi ni Pangulong Bill Clinton ng Estados Unidos na ang partisipasyon ng kanilang bansa sa puwersa ng mga tagapamayapa, sa puntong ito, ay hindi kasali ang mga tropang panlaban.

Nangako ng pagtulong sa East Timor si Pangulong Joseph Estrada sa pamamagitan ng pagdadala ng mga Pilipinong manggagamot sa lugar.

Samantala, patuloy nang nanghihina ang kalagayan sa East Timor. Halos 1,000 refugee ang naghahanap ng matutuluyan sa UN compound sa Dili. Ilang libo ang pumunta sa Indonesya-kinontrol ang West Timor at 100,000 ang lumikas sa mga bundok ng East Timor.

Sinabi ni Xanana Gusmao, independenteng lider na taga-East Timor, na makataong gumawa si Habibie ng "matapang" na pasiya, pero binigyan diin ang kalagayan ng rehiyon.

"Ngayon, nasa U.N. Security Council at International community ang pagkilos nang mabilis," sabi niya. Walang dapat sayangin na panahon.

*Source: PBS Online*

1. Ilarawan ang kalagayan sa East Timor.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Kung ikaw ang pangulo ng Indonesiya, mananawagan ka ba para sa pandaigdigang interbensiyon? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Bakit hindi na lang tumuloy sa East Timor ang tropa ng Australia? Ano ang kanilang hinihintay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

4. Kailangan ba sa East Timor ang makataong pagtulong?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Nasagutan mo ba ang pagsasanay? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 51–52.

Bago ipagpatuloy ang susunod na aralin, narito ang mga mahahalagang bagay na dapat tandaan.



## Tandaan Natin

- Para maisagawa ang tungkulin ng UN na pagpapanatili ang kapayapaan, nakasalalay ito sa mga sumusunod na kaanyuan ng operasyong pangkapayapaan:
  - pagdisarma
  - paggawa ng kapayapaan
  - pagpapanatili ng kapayapaan
  - makataong interbensiyon
  - pagbuo ng kapayapaan
- Ang mga tungkulin ng tagapamayapa ng UN ay sumasaklaw mula sa paglalayo ng mga magkagalit na panig. Tumutulong ang mga ito sa:
  - pagsasagawa ng mga kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng mga magkasalungat na panig;
  - pagsubaybay sa tigil-putukan;
  - gumawa ng mga lugar ng depensa o neutral;
  - paggawa ng mga samahang politikal na nakakatrabaho ng pamahalaan, ng mga di-panggobyernong samahan at ng mga mamamayan lokal na nagbibigay ng ginhawa sa oras ng kagipitan, mapahinto ang mga nag-aaway at maisama ang mga ito sa lipunan; at
  - paglinis ng mga mina; pag-organisa at pagsubaybay sa mga botohan
- Mahalagang malaman na ang mga tagapamayapa ay ipinadadala na may pahintulot ang mga sangkot na bansa o panig.
- Ang mga tagapamayapa ay isang puwersang walang kinikilingan. Kailangan nilang panatilihin ang kanilang pagiging makatarungan upang maiwasan ang paglaki ng kaguluhan.

# Iba Pang Tagapamayapang Pandaigdig

Sa nakaraang aralin natutunan mo ang mahalagang papel na ginampanan ng United Nations upang mapanatili ang kapayapaan sa buong mundo. Natutunan mo ang kahulugan ng pagkakaroon ng puwersang neutral na tumutulong upang mapahinto ang karahasan at malutas ang mga kaguluhan. Sa araling ito, malalaman mo ang iba pang samahang pandaigdigan na kumikilos para sa kapayapaan.

Pagkatapos ng araling ito, may kakayahan ka nang ipaliwanag ang papel na ginagampanan ng mga samahang pang-rehiyon upang mapanatili ang kapayapaan.



## Pag-isipan Natin Ito

Kasapi ka ba ng anumang samahan sa iyong pamayanan? Kung oo, anong samahan ito?

Bakit ka sumali sa samahang ito?

Alam mo ba na may mga samahang pandaigdig na kumikilos para sa kapayapaan maliban sa UN? Kung alam mo, maaari ka bang magbanggit ng ilan sa mga ito? Itala ang mga ito sa ibaba.

Upang matamo ang kapayapaang pangdaigdig at pagtutulungan, bumuo ang mga kalapit-bansa ng iba't ibang samahan upang mailunsad ang kanilang panlahatang interes. Halimbawa, maaaring bumuo ng isang pangkat ang mga bansa na nasa isang rehiyon ng mundo upang magtulungan sa isa't isa sa oras ng kagipitan. Katulad ng ating mga kapitbahay, nagbibigay sila ng agarang tulong sa atin kung nangangailangan tayo nito.

Ang ilan sa mga samahang nabuo ng mga magkakalapit- bansa na may layuning makatamo ng kapayapaang pandaigdig at pakikipagtulungan ay ang **North Atlantic Treaty Organization** at ang **Organization of Islamic Conference.**

## Basahin Natin Ito

### Ang North Atlantic Treaty Organization


Ang North Atlantic Treaty Organization o NATO ay isang samahang binubuo ng 19 na bansa. Ang mga kasaping bansa ay:

| | | |
|---|---|---|
| Belgium | Italy | Un |
| France | Poland | De |
| Iceland | United Kingdom | Hu |
| Norway | Czech Republic | Ne |
| Turkey | Luxembourg | Spa |
| Canada | Portugal | Gre |
| Germany | | |

Ang pinakamahalagang tungkulin ng NATO ay pangalagaan ang kalayaan at seguridad ng kanyang kasaping bansa. Kapag ang isang bansang kasapi ng NATO ay kasangkot sa isang gulo sa iba pang kasaping bansa, nagbibigay ang NATO ng lugar para sa negosasyong pangkapayapaan. Nagpapadala rin ito ng mga operasyong pangkapayapaan upang masiguro ang kapayapaan sa rehiyon ng Hilagang Antarktiko kung kailangang gawin ito. Ang mahalagang layunin ng NATO ay upang mapangalagaan ang kalayaan at seguridad sa pamamagitan ng mga paraang politika at militar. Naaayon sa prinsipyo ng UN ang mga prinsipyo ng misyong pangkapayapaan ng NATO dahil sa karamihan sa mga bansang kasapi nito ay kasapi rin ng UN.

## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Buong tapang na binomba ng tropa ng NATO ang Kosovo dahil sa pagaakala na sa pamamagitan nito ay magwawakas na ang karahasan sa pagitan ng mga Albanya at Serbs. Subalit, sa halip na magdala ito ng kapayapaan sa Kosovo, nasira ang mga simbahan, moske, paaralan, pasyalan at maraming buhay ang nawala.



Sang-ayon ka ba sa paggamit ng karahasan sa Kosovo upang matapos ang kaguluhan dito? Ipaliwanag ang iyong sagot.______________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________


Narito ang mga halimbawang sagot. Titik (b) ang karapat-dapat na sagot.

a) Oo, sumasang-ayon ako na pairalin ang aksiyon sa Kosovo dahil sa paraang ito maaaring tumigil na ang mga taga-Albanya at Serbs sa pagpatay sa isa't isa.

b) Hindi ako sumasang-ayon na pairalin ang labanan sa Kosovo sapagkat lalo lang na lalala ang sitwasyon ng bansa. Naniniwala ako na ang gulo sa pagitan ng mga taga-Albanya at Serbs ay maaaring maayos nang mapayapa kung pag-uusapan. Ang kailangan nila ay isang neutral na puwersa na magpapalakas ng kanilang loob na magpahayag ng tigil-putukan habang pinag-uusapan nila ang sitwasyon.

Animo nagkulang sa pagiging makatarungan ang NATO nang nagpadala ng mga tropang magpapairal ng kapayapaan. Dahil ito sa pangako ng kasaping bansa na ipagtanggol ang isa't isa kahit na ano ang mangyari. Ang ibig sabihin nito, bawat isa sa kanila ay tutugon sa anumang banta sa isang kakamping bansa na parang banta sa sarili. Ang pagatake sa isang kasaping bansa ay itinuturing na atake para sa lahat.

Magpapatuloy ito sa pagtalakay sa pagpapairal ng kapayapaan bilang bahagi ng operasyong pangkapayapaan.



## Alamin Natin



Ang pagpapairal ba ng kapayapaan ay pareho sa pagpapanatili ng kapayapaan?

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

Huwag mag-alala kung hindi ka sigurado sa iyong sagot dahil talagang nakalilito ang dalawa. Pero, linawin natin na ang pagpapairal ng kapayapaan ay iba sa pagpapanatili ng kapayapaan.

Magkaiba sila batay sa mga sumusunod na dahilan:

♦ Pahintulot ng mga sangkot na panig.

– Nakasalalay ang pagpapanatili ng kapayapaan ng UN sa pahintulot ng magkasalungat na panig at kasama rin ang pagpapadala ng mga tagapamayapa upang isagawa ang kasunduan na may pagsang-ayon ang magka-bilang panig.

– Sa kaso ng pagpapairal ng kapayapaan, ang Security Council ang nagbibigay kapangyarihan sa mga kasaping estado na gawin ang mga kaukulang hakbang upang makamit ang layunin. Hindi na kailangan ang pahintulot ng mga pangkat.

♦ Mga Sandatang Ginamit:

– Kaunti lang ang mga sandatang dala ng mga tagapagpanatili ng kapayapaan at ginagamit lamang ito kung ipagtatanggol ang sarili.

– Maraming dalang sandata ang mga nagpapairal ng kapayapaan at agresibong nakikialam sa mga sitwasyong may labanan na kalagayan para lamang mapairal ang kapayapaan.

Hindi sumasali ang UN sa pagpapairal ng kapayapaan pero binibigyang-kapangyarihan niya ang mga kasaping bansa na may layuning magpadala ng mga pangkat na magpapairal ng kapayapaan sa isang lugar na magulo. Ito ang ginawa ng NATO nang manguna ito sa pagpapairal ng kapayapaan sa Kosovo.



## Subukan Natin Ito

Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit ayaw magsagawa ang NATO ng mga aksiyon na magpapairal ng kapayapaan? Sa halip, binibigyang kapangyarihan lamang nito ang mga kasaping bansa na gustong magpadala ng mga pangkat na magpapairal ng kapayapaan.____________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

Nasagutan mo ba ang tanong? Kung oo, napakagaling! Ihambing mo ang iyong sagot sa aking sagot na nasa ibaba.

*Ayaw ng UN na magsagawa ng kilos na magpapairal ng kapayapaan sapagkat mapanganib ito. Natatandaan mo pa ba ang tinalakay sa Aralin 2 tungkol sa mga tagapamayapa? May dala lamang silang kaunting armas. Dahil gumagamit lang sila ng puwersa sa oras lang pagtatanggol sa sarili. Ipinadadala sila sa mga lugar na magulo upang malaman kung gumagalang sa tigilputukan ang magkabilang panig. Gawain nila na pagharapin ang mga ito sa isang negosasyon. Maraming armas ang mga nagpapairal ng kapayapaan dahil gawain nilang ipagtanggol ang mga sibilyan o inosenteng tao mula sa atake ng militar sa pamamagitan din ng mga paraang militar.*

*Nakapagpapalala ng kaguluhan ang pagpapadala ng mga ito. Mahirap sa mga nagpapairal ng kapayapaan na maging neutral sapagkat ipinagtatanggol nila ang mga sibilyan. Halimbawa, kung ang isang nagpapairal ng kapayapaan ay umatake sa miyembro ng magkasalungat na panig upang ipagtanggol ang sibilyan, ang panig na inatake ay maaaring mag-isip na kumikiling ito sa kabilang pangkat. Kapag ang ganito ay nangyari, hindi maisasagawa ng mga tagapag-panatili ng kapayapaan ang gawain nila na dalhin ang magkagalit na panig sa isang kasunduang pangkapayapaan. Mag-iisip ang dalawang panig na hindi patas ang pagtrato ng UN sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit ayaw ng UN na magsagawa ng mga aksiyon tungkol sa pagpapairal ng kapayapaan at sa halip, nagbibigay-kapangyarihan lamang ito sa mga bansa na gustong magsagawa ng mga pagkilos na ito.*



## Basahin Natin Ito

Sigurado ako na alam mo ang krisis politikal na nangyayari sa Mindanao. Sa ngayon, ang labanan sa pagitan ng mga rebeldeng Moro at ng pamahalaan ay nananatiling walang solusyon. Alam mo ba na isang dekada na ang kaguluhang ito?

Basahin natin ang sumusunod na sipi sa isang artikulo tungkol sa digmaan sa Mindanao. Maaari ka ring sumagguni sa isa pang modyul na may pamagat na "*Ang Kasunduang Kapayapaan sa Mindanao*" upang malaman ang marami pang isyu tungkol sa kaguluhang ito. Pareho lamang ang mga sipi na ginamit sa modyul ng "*Ang Kasunduang Kapayapaan sa Mindanao*".

> Ayon sa maingat na pagtantiya, pumatay ang digmaan sa Mindanao ng daan libong sibilyan at sundalo.
>
> *(Philippine Daily Inquirer, April 01, 2000)*
>
> ---
>
> May 600 na pamilyang may 3,799 na umaasa, mula sa apat na malalayong lugar sa bayan ng Kiamba, Sarangani ang lumikas sa kanilang tahanan dahilan sa labanan sa pagitan ng pwersa ng pamahalaan at mga rebelde ng Moro Islamic Liberation Front.
>
> *(Philippine Daily Inquirer, September 11, 2000)*



## Magbalik-aral Tayo

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Batay sa kababasa mo lang, sa palagay mo ba nangangailangan ang Mindanao ng tulong mula sa pandaigdigang pamayanan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Alam mo ba na nagkaroon na ng kasunduang pangkapayapaan na nilagdaan sa pagitan ng pamahalaan at ng MNLF bago pa ang hostage crisis sa Mindanao? Kung oo, anu-ano ang mga ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Tapos na bang sagutan ang tanong? Ihambing ang iyong mga sagot sa mga halimbawang sagot na nasa ibaba.

Wala talagang malinaw na sagot sa tanong. Ang mga narito ay ilang mungkahing sagot sa tanong.

a) Oo, sa palagay ko kailangan ng Mindanao ang interbensiyon at suporta ng pamayanang pandaigdig. Talagang nasa magulong kalagayan ang Mindanao. Maraming tao ang namamatay, marami ang nawalan ng tirahan gawa ng karahasan na patuloy na nangyayari sa maraming lalawigan nito. Kailangan ang tulong ng pamayanang pandaigdig upang mapadali ang paghihirap ng mga biktima ng digmaan. Nangangailangan din ng puwersang neutral ang gulo sa Mindanao na mamamagitan sa pamahalaan at sa mga rebelde sa Mindanao.

b) Hindi. Sa aking palagay hindi kinakailangan ang interbensiyon galing sa labas upang matapos ang karahasan sa Mindanao. Kailangan nating pagkatiwalaan ang Pwersang Militar at ang pamahalaan sa paglutas ng kaguluhan sa Mindanao. Sigurado ako na alam nila ang kanilang ginagawa. Maaaring magpalala ng problema ang suportang mangagaling sa labas ng bansa.

2. May dalawang kasunduang pangkapayapaan na nilagdaan bago pa nagkaroon ng kaguluhan sa Mindanao. Una noong 1976, na kinilalang "Tripoli Agreement". Nilagdaan ang kasunduan ng dating Pangulong Ferdinand Marcos at ang lider ng Moro National Liberation Front na si Nur Misuari. Dahil sa pagkabigong maisagawa ito, patuloy ang karahasan sa Mindanao. Ang ikalawang kasunduang pangkapayapaan ay nilagdaan noong ika-2 ng Setyembre, 1996 ng dating pangulong Fidel Ramos at Misuari. At dahil sa kakulangan ng implementasyon hindi pa lubos na nakakamit ng Mindanao ang kapayapaan.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Mahalagang malaman na nilagdaan ang dalawang kasunduang pangkapayapaan sa tulong ng isang samahang pandaigdig na namagitan sa pamahalaan at sa grupong rebelde. Ito ay ang Organization of Islamic Conference (OIC).


Sa mga nakalipas na mga taon gumamit ang OIC ng iba't ibang paraan upang ilunsad ang mapayapang paglutas ng kaguluhan sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas at ng MNLF. Ang ilan sa mga ito ang: "good offices", "mediation" at "sanction".



## Subukan Natin Ito


Kilalanin ang iba't ibang paraan na ginamit ng OIC upang itaguyod ang kasunduang kapayapaan sa pagitan ng Pilipinas at MNLF. Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba ng bawat guhit.

1. Nangangailangan ang OIC ng tulong sa mga estadong mapagmahal sa kapayapaan, mga relihiyoso at pandaigdigang awtoridad, lalo na ang Malaysia at Indonesia na tumutulong sa ikalulutas ng kaguluhan sa Pilipinas. Bilang miyembro ng *Association of South East Asian Nations* (ASEAN) na kung saan ang Pilipinas ay isang kasapi.




______________________________

2. Namagitan ang OIC sa maraming usapin mula pa noong 1975, na naging resulta sa paglalagda ng *Tripoli Agreement* noong 1976. Ipinagpatuloy ng OIC ang tungkulin bilang tagapagitan kahit pa pagkatapos ng Peace Accord noong 1996.





______________________________

3. Napilitang pasukin ang kasunduan ni Pangulong Marcos sapagkat ang mga bansang nagpapalabas ng langis, na karamihan ay Muslim, nagbanta sa pamahalaan ng pag-eembargo ng langis.




______________________________

Pagkatapos mong sagutan ang pagsubok, ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 52–53.



## Alamin Natin

### Ang Organisasyon ng Islamic Conference

"Tayo ay magkakapatid…" . Ito na siguro ang namamayaning ideyolohiya ng Organization of Islamic Conference (OIC). Ang OIC ay isang organisasyong pang-internasyonal ng limampu't- anim na bansa na nagpasiya na pagsamahin ang kanilang yaman, ang kanilang kakayahan na magsalita nang iisa ang tinig upang pangalagaan ang interes at matamo ang pag-unlad at kabutihan ng kanilang mga tao at sa lahat ng Muslim sa buong mundo.

Itinatag ito sa Rabat, Kaharian ng Morocco noong ika-25 ng Setyembre 1969. May layunin ang samahan na patibayin ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga Muslim sa kanilang mga kasaping estado. Itinataguyod din nito ang mga pakikipaglaban ng mga Muslim upang mapangalagaan ang kanilang dangal, kalayaan at karapatang pambansa.

Ang konseptong Quran ni Ummah o isang pamayanan ng Muslim sa mundo ang pangunahing pilosopiya ng OIC.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Paano naglulunsad ng kapayapaan ang NATO?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng misyong pangkapayapaan at ang mga kilos sa pagpapairal ng kapayapaan batay sa mga sumusunod na pananaw:
   (a) pahintulot ng mga sangkot na panig, (b) mga sandata, at (c) mga tungkulin.
   Isulat ang mga sagot sa loob ng talahanayan.

| Misyon | Pahintulot | Armas |
|---|---|---|
| **Misyong Pangkapayapaan** | | |
| **Mga Kilos sa Pagpapairal ng Kapayapaan** | | |

3. Talakayin ang tungkulin ng OIC sa pagpapanatili ng kapayapaan ng Mindanao.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 53–54.

## Tandaan Natin

Binabati kita! Natapos mo ang Aralin 3. Isang aralin na lang at matatapos mo na ang modyul na ito. Bago mo gawin ang susunod na aralin, narito ang ilang mahahalagang kaalaman na dapat tandaan sa araling ito:

- Ang mga samahang pangrehiyon tulad ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) ay may napakahalagang tungkulin sa pagpapanatili ng kapayapaan sa mga bansang kasapi na nagkakagulo upang maiwasan ang paglala ng kaguluhan.
- Ang mga nagpapairal ng kapayapaan, hindi tulad ng mga tagapamayapa, ay ipinadadala kahit walang pahintulot ng mga nagkakagulong pangkat. Maraming sandata ang mga ito kaysa sa mga tagapamayapa.
- Isang samahang pandaigdig ang Organization of Islamic Conference (OIC) na may layuning pag-isahin ang mga muslim sa buong mundo.

# Ang Pilipinas at ang Kapayapaan ng Mundo

**It's a Small World**

*It's a world of laughter*
*and a world of tears*
*It's the world of hopes*
*and a world of peace*
*There's so much that we share that it's*
*time we're aware*
*It's a small world after all.*

*It's a small world after all (4x)*



Pamilyar ka ba sa kanta? Subukan nating kantahin ito. Pagkatapos mong kantahin ng ilang beses, ano ang nararamdaman mo? Maganda 'di ba? Ang magkaroon ng mundo ng kasiyahan, ng kalungkutan, ng pag-asa at mundo ng kapayapaan.

Isipin ang mundo ng kapayapaan—walang digmaan, walang karahasan. Hindi ba ito kahanga-hangang lugar na tirahan?

Natutuhan mo sa mga nakaraang aralin kung paano kumilos ang pandaigdigang pamayanan para sa kapayapaan. Sa araling ito, iyong malalaman ang mga kontribusyon ng ating bansa sa pagpapanatili ng kapayapaan sa buong mundo.

Pagkatapos ng araling ito, may kakayahan ka nang:

- ipaliwanag ang mga kontribusyon ng ating bansa sa pagpapanatili ng kapayapaan at;
- maisabuhay ang mga mapayapang paraan sa paglutas ng mga kaguluhan.



## Pag-isipan Natin Ito

Nalaman mo sa Aralin 1 na isang Pilipino ang isa sa mga nakaraang pangulo ng UN. Siya ay si Carlos P. Romulo. Isa rin ang Pilipinas sa limampu't isang bansa na nagtatag ng UN. Sa mahigit na limampung taon, naging aktibong kasapi ng UN ang Pilipinas. May mahigit sa isang libong tagapamayapa ang naiaambag sa iba't ibang mga kaguluhan sa buong mundo.

Natatandaan mo pa ba ang artikulo sa Aralin 2 tungkol sa panawagan ng Pangulong Habibie ng Indonesya na dagdagan ang pagtulong mula sa pandaigdigang pamayanan? Ano ang naging pakikilahok ng Pilipinas sa krisis ng East Timor?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Nagpadala ang ating bansa ng mga tropang militar, mga manggagamot at mga enhinyero sa East Timor upang tumulong na maiwasan ang pagsabog ng karahasan. Tumulong ang mga ito sa mga nasugatan at sa pagbangong muli ng bagong silang na estado.

Sa huling bahagi ng 1960, nagpadala rin ang ating bansa ng mga manggagamot at enhinyero sa Vietnam War.



## Basahin Natin Ito

Upang malaman pa ang pakikilahok ng ating bansa sa karahasan na nangyari sa East Timor, basahin ang sipi mula sa Philippine Daily Inquirer.

**Nagpapasalamat ang mga taga East Timor sa Pilipinas sa mga Tagapamayapa.**

Kahapon ang mga pangulo ng East Timor na sina Xanana Gusmao at Jose Ramos-Horta ay nagpasalamat sa pamahalaan ng Pilipinas dahil sa pagsisikap na mapanatili ang kapayapaan sa dating teritoryo ng Indonesya.

Dumating dito ang dalawa kahapon para sa apat na araw na dalaw at ang paghingi ng tulong sa ating bansa para sa seguridad ng estado.

Nagpadala ng halos 600 na sundalo ang Pilipinas, karamihan dito ay mga enhinyerong militar, manggagamot at dentista, upang sumali sa pwersang pangkapayapaan na pinangunahan ng Australia na nakatulong mapabalik ang katatagan ng East Timor.

Pinamunuan ng isang Pilipino, si Lt. Gen. Jaime de los Santos ang bagong pwersa ng UN.

Ang kalihim ng Department of Foreign Affairs na si Foreign Secretary Domingo Siazon, Jr. at iba pang mga opisyal ay maluwag na tumanggap kina Gusmao at Ramos-Horta sa Ninoy Aquino International Airport.

Sinabi ni Gusmao na siya at si Ramos-Horta ay humingi ng tulong sa Pilipinas sa pamamagitan ng yamang-tao lalo na sa mga programa ng pagsasanay.

(Philippine Daily Inquirer, February 05, 2000)



## Subukan Natin Ito

Sa palagay mo ba magandang hakbang ang pagsali ng ating pamahalaan sa problema ng East Timor?  Bakit oo, bakit hindi?


___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

Tapos mo na bang sagutan ang tanong?  Kung gayon, ihambing ang iyong sagot sa sagot na nasa ibaba.  Huwag mag-alala kung  ang sagot mo ay hindi kapareho ng  sa akin.  Isang halimbawa o mungkahing kasagutan lamang ang nasa ibaba para sa mga tanong.

*Oo.  Sa palagay ko magandang pasya ang pagsali ng ating pamahalaan sa East Timor.  Talagang nangangailangan ito ng tulong.  Bilang katabi ng East Timor, inaasahan ang Pilipinas na tumulong sa abot ng kanyang kakayahan.*



## Alamin Natin

Nalaman mo  sa Aralin 1 na ang ating bansa ay miyembro ng UN.  Bakit sa palagay mo sumapi ito sa UN?

Kung ang iyong sagot sa kung bakit sumali ang ating bansa sa UN ay dahil sa itinuturing nito ang sarili na bahagi ng malaking daigdig, tama ka!  At bilang bahagi nito, kailangang makipagtulungan ang ating bansa sa ibang bansa upang maging mabuting lugar na tirahan ang mundo.  Dapat tayong magtulungan upang makamtan ang kapayayapaan at kaunlaran ng sandaigdigan.  Paano?  Lahat ng pagsisikap  tungo sa kapayayapaan ay dapat mag-umpisa sa sarili natin.  Ating itaguyod ang kapayayapaan sa pamamagitan ng paglutas ng kaguluhan o di- pagkakaunawaan nang mapayapa.

Mahalaga rin na kapag pinili nating maging tagapamagitan sa dalawa o higit pang magkasalungat na panig, ating panatilihin ang hindi pagkiling.  Huwag nating hayaan na kontrolin tayo ng ating damdamin, na maaaring maging sanhi upang tayo ay kumampi. Upang makamit ang kapayayapaang lokal o pandaigdigan, dapat makuha ng tagapamayapa ang tiwala ng bawat panig na sangkot.  Dito lang magtatagumpay ang tagapamayapa na mahikayat ang lahat ng magkasalungat na panig upang  matigil ang pagpapalitan ng bala sa isa't isa.  Sa halip, uupuan at pag-uusapan nila ang problema.  Sa pamamagitan ng mapayapang negosasyon lamang maaayos ang kanilang di- pagkakaunawaan at dapat magtulungan ng mapayapa.



## Tandaan Natin

- Ang Pilipinas, bilang miyembro ng United Nations at bahagi ng pandaigdigang pamayanan, ay naghahatid din ng tulong sa mga bansa na nangangailangan.
- Isang halimbawa ng pagtulong, ang pagpapadala ng mga tropang militar at medikal sa East Timor at Vietnam.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Sa iyong palagay, mahalaga ba ang pagkakasangkot ng ating bansa sa mga isyung pandaigdig?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

B. Isulat ang iyong mga ideya kung paano ka makatutulong na pangalagaan ang kapayapaang lokal at pandaigdig.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa halimbawang kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 54.

Binabati kita! Natapos mo ang modyul. Nasiyahan ka ba rito? Kung ikaw ay may katanungan, huwag mag-alangang tanungin ang iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*. Maaari mo ring balikan ang mga bahagi ng modyul na hindi malinaw sa iyo.



## Ibuod Natin

- Kapag ang sariling kaguluhan ng isang bansa o kaguluhan sa iba ay naging banta sa kapayapaang pandaigdig kailangang kumilos ang pamayanang pangdaigdig upang maiwasan ang paglala ng kaguluhan.
- Nangangailangan ang pamayanang pandaigdig ng tagapamayapa upang malutas ang kaguluhan at mapanatili at mapangalagaan ang kapayapaan.
- Upang masiguro ang kapayapaan ng mundo, ang mga samahang pandaigdig na pinangungunahan ng United Nations ay dapat madaliin ang mga operasyong pangkapayapaan upang maiwasan ang pagsabog ng mga kaguluhan.

- Ang mga operasyong ito ay:
  - Pagdisarma
  - Pagbuo ng kapayapaan
  - Makataong Pakikipagtulungan (*Humanitarian Intervention*)
  - Pagtaguyod ng Kapayapaan (*Peace-building*)
  - (Sa ilang kaso) Pagpapairal ng Kapayapaan

♦ Narito ang ilang tungkulin ng tagapamayapang pandaigdig:

- Tumutulong sila na iwasan ang pagsabog ng pag-aaway
- Namamagitan sila sa mga hindi magkasundong panig
- Namamahala at sumusubaybay sa mga halalan
- Nagbibigay ng tulong
- Tumutulong na buuin muli ang mga pinsalang hatid ng digmaan.

♦ Nagpapatunay ang pandaigdigang interbensiyon na umaasa ang mga bansa sa bawat isa. Naaapektuhan natin ang buhay ng ating mga kapitbahay. Bilang bahagi ng malaking pamayanan, ang mundo, tayo rin ay may pananagutan na gawin itong isang magandang lugar na titirahan.

♦ Ang ating bansa bilang kasapi ng mga samahang pandaigdig ay nakahanda upang magbigay-tulong sa ibang bansa na nangangailangan.




## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Maglaro tayo ng pagkukunwari. Paano ka tutugon sa mga sumusunod na sitwasyon? Isulat ang iyong sagot sa mga puwang. Kung nahihirapan ka na isipin uli ang kaanyuan ng operasyong pangkapayapaan, balikan ang p. 24 at pagbalik-aralan ang mga ito. Maaari mo ring basahin uli ang Aralin 2.

Halimbawa ikaw ang Kalihim-Heneral ng UN. Dalawa sa mga kasaping bansa, Iraq at Iran ay may alitan tungkol sa teritoryong sakop. Dahil dito, maraming tao sa parehong bansa ang namatay. Anong kaanyuan ng operasyon pangkapayapaan ang iyong ilalapat upang mapanatili at mapangalagaan ang kapayapaan sa pagitan ng dalawang bansa?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Pagkatapos isulat ang iyong sagot, ihambing ang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

Mga Mungkahing Sagot

Para sa bilang 1 at 2- **SUMASANG-AYON.** Itinatag ang United Nations upang ilunsad ang pagtutulungan ng mga bansa upang gawin ang mundo na magandang tirahan. Ang pagsisikap nito na panatilihin ang kapayapaan ay umunlad bilang sagot sa mga kasiraan na dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nangako ang mga kasapi ng UN na iwasan ang digmaan anuman ang mangyari.

3. **HINDI SUMASANG-AYON.** Ang mga tagapamayapa ay ipinadadala na MAY PAHINTULOT mula sa mga sangkot sa nag-aaway na panig. Layunin nito na matamo ang tiwala ng parehong panig upang mapilit sila na magkaroon ng negosasyon kaysa sa paglalaban.
4. **HINDI SUMASANG-AYON.** Dapat magtulungan ang lahat ng bansa upang maging magandang lugar ang mundo. Bawat isa sa kanila ay dapat tumulong sa nangangailangan.
5. **SUMASANG-AYON**

   Para sa bilang 6. HINDI SUMASANG-AYON at 7. SUMASANG-AYON. Ang mga digmaan, kaguluhan at di pagkakaunawaan ay katotohanan para sa ating lahat, pero hindi nangangahulugan na hindi ito maiiwasan. Kung ang mga tao at bansa sa buong mundo ay makikipagtulungan para sa kapayapaan sa pamamagitan ng pakikinig at pakikipag-usap sa isa't isa, ang mga malulupit na katotohanan ay maiiwasan.

8. **SUMASANG-AYON.**
9. **HINDI SUMASANG-AYON**. Ang unang Asyanong Pangulo ng UN ay isang Pilipino na nagngangalang Carlos P. Romulo.
10. **HINDI SUMASANG-AYON.** Hindi nagsasagawa ang UN ng pagpapairal ng kapayapaan. Nagpapadala lang ito ng mga tagapamayapa na ang tanging misyon ay magkaroon ng kasunduang pangkapayapaan ang magkagalit na panig.

### B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 9)*

1. Oo
2. Hindi
3. Oo

4. Oo
5. Hindi
6. Oo
7. Hindi
8. Hindi
9. Oo
10. Hindi

*Subukan Natin Ito (pahina 12)*

1. USA
2. China
3. France
4. Russia
5. United Kingdom

*Magbalik-aral Tayo (pahina 13)*

1. October 24, 1945
2. Limampu't isa
3. Ikalawang Digmaang Pandaigdig
4. Pagpapanatili ng kapayapaan (peace keeping)
5. Security Council
6. Kasunduang Pangkapayapaan (Peace Agreement)
7. Lima
8. Carlos P. Romulo

*Subukan Natin Ito (pahina 13)*

Mga halimbawang sagot, pero titik b ang karapat-dapat na sagot:

a. Oo, may kikilingan ako. Mas gugustuhin ko ang aking kaibigan na makatuwiran kaysa sa isa na may mahinang dahilan.

b. Hindi, wala akong kikilingan. Pareho ko silang kaibigan at ayaw kong mawala ang isa sa kanila sa pamamagitan ng pagpanig sa kabila. Pakikinggan kong mabuti ang kanilang katuwiran at susubukin kong gawing mahinahon ang sitwasyon sa pagsabi na katuwiran lang ito. Sasabihin ko rin sa kanila na malulutas nila ang pinagtatalunan kung makikinig sila sa isa't isa habang ang bawat isa ay nagsasalita.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 15)*

Mga Halimbawang Sagot:

1. Kapag hindi nagpadala ng mga tagapamayapa ang UN sa kaguluhan sa Gitnang Silangan, may malaking posibilidad na magpapatuloy ang pagsabog ng tensiyon sa pagitan ng Ehipto at ng pamayanang Europa. Maraming tao ang mamamatay at maraming gamit ang masisira.

2. Oo. Sa palagay ko, isang magandang ideya ang pagpapadala ng puwersang tagapamagitan sa Gitnang Silangan. Sa paggawa nito, mapapaglayo ng mga tagapamayapa ang mga di-magkasundong panig na makababawas sa mga mararahas na pangyayaring maaaring maganap. Matulungin din ang mga tagapamayapa dahil sinubukan nilang mamagitan sa Ehipto at Europa upang magkaroon ng negosasyong pangkapayapaan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 17–18)*

1. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tagapamagitan o pangkat na mamamagitan sa mga di-magkasundong panig ay ang pagkakaroon ng malaking posibilidad na makamit ang pagtitiwala ng dalawang magkasalungat na panig at mahihikayat sila na posible ang mapayapang pakikipag-ayos sa pagitan nila. Ang tanging tungkulin ng tagapamagitan ay paglayuin ang magkasalungat na panig at pagharapin ang mga ito pagdating ng tamang oras.

2. Itinatag ang United Nations noon ika-24 ng Oktubre, 1945 bilang resulta ng malulupit na epekto ng digmaan. Itinatag ang United Nations upang itaguyod ang pakikipagtulungan sa mga bansa upang gawing magandang tirahan ang mundo. Ang mga pagsisikap sa pagpapanatili ng kapayapaan ay pinaiiral bilang kasagutan sa mga kasiraang dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nangako ang mga kasaping bansa ng UN na hadlangan ang digmaang katulad nito kahit na ano ang mangyari.

3. Kailangan natin ang tagapamayapang pandaigdig upang tumulong na panatilihin ang kapayapaan sa buong mundo. Maraming bansa ang nag-aaway; kung walang mamamagitan sa kanila, lalong lulubha ang kaguluhan. Maaaring magbunga ng maraming kasiraan ang mga gulo at digmaan. Maraming buhay ang mawawala at maraming ari-arian ang masisira. Napakahalaga ng tungkulin ng tagapamayapang pandaigdig. Sa paghikayat sa magkalabang panig na lumagda ng kasunduang pangkapayapaan. Sa paggawa nito, matatapos ang karahasan. Maaari ring pangalagaan ang magandang ugnayan sa pagitan ng mga bansa.

4. Isang gawain o tungkulin ng UN ang pagpapanatili ng kapayapaan sa buong mundo. Nagpapadala ito ng tagapamayapa upang magsilbing mediator sa dalawang naglalabang pwersa.

## C. Aralin 2

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pahina 19)*

Ang gawain ng UN sa paglunsad ng kapayapaan ay:

1. Tumutulong na magdala ng kapayapaan sa pagitan ng dalawang di-magkasundong panig sa pamamagitan ng negosasyon.
2. Nagpapadala ng tagapamayapa na susubaybay sa tigilputukan habang pinag-uusapan ang kapayapaan.
3. Nagbibigay ng makataong pagtulong upang mapadali ang paghihirap ng mga biktima at pag-aasikaso sa mga nasugatan.
4. Tumutulong ito para sirain ang mga armas o bawasan ang mga sandatang pandigmaan lalo na ang mga sandatang nukleyar.
5. Tumutulong na ibangon muli ang mga nasirang ari-arian na dulot ng digmaan. Kasama rito ang pagpapatayo ng mga paaralan, pagamutan at tulay.

*Basahin Natin Ito (pahina 20)*

Ulo ng Balita 1 – Ang gawain ng UN na inilantad ay ang paglunsad ng kapayapaan. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan.

Ulo ng Balita 2 – Peacekeeping-pagpapadala ng tagapamagitan upang tumulong na mapahinto ang karahasan sa lugar.

Ulo ng Balita 3 – Peacemaking

Ulo ng Balita 4 – Makataong Pagtulong

*Alamin Natin (pp. 22–23)*

Maaaring magbago ang mga sagot. Isang halimbawang sagot ang nasa ibaba.

*Sa palagay ko mahalaga ang pagsubaybay sa tigilputukan ng dalawang panig na di-magkasundo sapagkat naniniguro ang mga tagapamayapa na tutupad ang dalawang panig sa kasunduang kanilang nilagdaan. Kapag pumayag ang mga ito sa tigilputukan, dapat bantayan ng tagapamayapa ang kilos ng bawat panig upang mahadlangan ang anumang karahasan sa pagitan nila. Karaniwan, isang lugar na neutral ang ibinibigay na maaaring pagdausan ng pag-uusap. Ang lugar na ito ang pangangalagaan ng tagapamayapa upang makasiguro na ligtas ang dalawang panig sa anumang karahasan.*

*Magbalik-aral Tayo (pp. 23–24)*

1. 8 Ipinadadala ang tagapamayapa ng UN sa mga magugulong lugar nang may pahintulot ang mga kasangkot na bansa.

2. 4

3. 4

4. 8 Mananatiling neutral ang mga ito sa lahat ng oras sa pagtatanggol ng kanilang sarili.

5. 8 May kaunting armas ang tagapamayapa na gagamitin lang sa pagtatanggol ng kanilang sarili.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 25)*

Maaaring mag-iba ang mga sagot. Halimbawang sagot lang ang nasa ibaba.

*Oo. Sa palagay ko mahalaga ang tungkuling pagdisarma ng UN sapagkat kinakailangang tigilan ang paggamit ng mga nakamamatay na sandata. Mahalaga na bigyang-halaga ang buhay ng bawat isa.*

*Subukan Natin Ito (pahina 26)*

Lumalahok din ang UN sa mga misyong pantao at pangkapayapaan upang tumulong na mabawasan ang paghihirap ng mga inosenteng biktima ng digmaan. Nakataya ang UN na tumulong sa mga bansa na makabangong muli mula sa pinsalang dulot ng digmaan upang mabuhay ng normal ang mga tao. Naniniwala rin ito na ang pagtulong sa mga bansang nasira ng digmaan ay maghahatid ng panghabang-panahon na kapayapaan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 29–31)*

A.
1. Humanitarian Intervention/Assistance
2. Peacemaking
3. Peacekeeping
4. Peace-building
5. Disarmament

B.
1. Talagang nasa magulong kalagayan ang East Timor. Maraming tao ang namatay. Halos 30,000 na mga taga-East Timor ang lumikas mula sa kanilang tahanan. Mahigit na 100,000 na refugee ang umakyat ng bundok upang mailigtas ang buhay mula sa lumalaking karahasan sa kapatagan.

2. Oo, kung ako ang pangulo ng Indonesya, ganoon din ang aking ginawa. Hihingi ako ng tulong mula sa pamayanang pandaigdig para tulungan ang aking bansa na wakasan ang karahasan at

mapanatili ang kapayapaan. Dapat akong magkaroon ng kaugnayan sa aking mga tao. Gusto kong wakasan ang kanilang paghihirap. Ayaw ko silang mamatay. Sa paglaki ng karahasan gawa ng mga militar, ang dapat makialam ang pamayanang pandaigdig upang mahadlangan ang epekto ng karahasan sa aking bansa na kumalat sa mga katabing bansa.

Hindi. Kung ako ang pangulo ng Indonesya, hindi ako hihingi ng tulong sapagkat ang pakikialam ay magpapalala lamang ng problema. Maaaring magalit ang mga militar at pumatay pa ng maraming tao. Kaya kong kontrolin ang lahat. Ako at ang aking mga tao ay kayang lutasin ang aming kaguluhan.

3. Oo. Kung ako ang pangulo ng Pilipinas, magpapadala ako ng mga tropa at maggagamot sa East Timor. Bilang kasaping bansa ng UN at ASEAN, may pananagutan ang ating bansa na tumulong sa ikapapanatili ng katahimikan at kaayusan sa rehiyon. Isa pa napakalayo sa atin ang East Timor.

   Hindi. Kung ako ang Pangulo ng Pilipinas, ayaw kong masangkot ang ating bansa sa karahasang nagaganap sa East Timor sapagkat baka ituring tayo ng mga taga-East Timor na pakialamero. Sa halip na mapanatili ang kapayapaan, ang mangyayari ay ang kabaligtaran.

4. Hindi basta-bastang makapunta sa East Timor ang mga tropa ng Australia sapagkat kailangan silang maghintay para gawin ito. Hindi sila makapapasok sa lugar kung walang pahintulot ang pamayanang pandaigdig dahil baka mapalala nila ang karahasan sa lugar.

5. Oo. Talagang mahalaga ang makataong pagtulong sa East Timor. Maraming tao ang naghihirap dahil sa karahasan. Kailangan ang makataong pagtulong upang mabawasan ang kanilang paghihirap at makaangkop sa mga takot na dala ng karahasan. Kailangan ng mga tao ang mga manggagamot na lulunas sa kanilang mga sugat at sakit. Kailangan din nila ang mga rasyon lalo na sa mga lumikas at nasa mga sentro ng paglikas.

## D. Aralin 3

*Subukan Natin Ito (pahina 39)*

1. Magagaling na Tanggapan. Hinanap ng OIC ang magagaling na tanggapan sa Malaysia at Indonesya na makatutulong sa paglutas ng kaguluhan sa Pilipinas. Pawang mga miyembro ng ASEAN ang tatlong bansa.

2. Pamamagitan. Gumanap ang OIC ng mahalagang tungkulin bilang tagapamagitan na naghihikayat sa Pilipinas at ng Moro National Liberation Front na lumagda sa dalawang kasunduang pangkapayapaan Pilipinas.

3. Kaparusahan. Noong rehimeng Marcos, ang dating hindi sumang-ayon ay ang Pangulong Marcos na makipagnegosasyon agad sa MNLF. Dahil dito, pinuwersa ng OIC ang pamahalaang Marcos na makipagnegosasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng pamahalaang Marcos ng parusa o multa na harangin ang pagdating dito ng langis. Mahalagang itala na karamihan sa mga bansang muslim ay nag-eexport ng langis kaya noong nag-utos ang OIC sa mga kasaping bansa na pagbawalan ang Pilipinas na umangkat ng langis, sinunod ng mga muslim na bansa ang OIC.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 40–41)*

1. Nagtataguyod ang NATO ng kapayapaan sa rehiyon ng North Atlantic sa pamamagitan ng paglalaan ng mga lugar para sa mga negosasyong pangkapayapaan sa kanyang mga miyembrong bansa na may di-pagkakaunawaan sa isa't isa. Nagpapadala rin ito ng mga operasyong pangkapayapaan tulad ng pagpapayapa at pagpapairal ng kapayapaan sa mga miyembrong bansa na nangangailangan nito. Mahalagang tandaan na nagsasagawa ang NATO ng mga operasyon sa pagpapairal ng kapayapaan na may pahintulot ang UN. Dahil karamihan sa kanyang mga miyembrong bansa ay kasapi rin ng UN.

2.

| Mga Misyon | Pahintulot ng mga Bansa | Arma |
|---|---|---|
| **Mga misyong pangka-payapaan** | Ipinadadala ang mga tagapamayapa nang may pahintulot ng mga sangkot na bansa. | May kaunti armas ang tagapamay Pinapayaga silang gumamit n puwersa pa lang sa pagtatangg sarili |
| **Mga kilos sa pagpapairal ng kapayapaan** | Ipinadadala ang mga nagpapairal ng kapayapaan kahit na walang pahintulot ng mga sangkot na bansa. | Maraming ang mga it upang mat ang kanilar tungkulin. |

3. Gumanap ng mahalagang papel ang OIC sa pagpapapirma ng 1976 Tripoli Agreement at ang 1996 Peace Accord sa pagitan ng Pilipinas at ng MNLF. Kumilos ang OIC bilang tagapamagitan sa pamahalaan ng Pilipinas at MNLF. Nagresulta ang mga pagsisikap ng paglalagda ng dalawang kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng dalawang hindi magkasundong panig.

## D. ARALIN 4

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 45)*

A. Halimbawang Sagot

Oo. Sa aking palagay ang pagkakasangkot ng ating pamahalaan sa mga pandaigdig na isyung tulad ng pagpapanatili ng kapayapaan ay mahalaga sapagkat tayo ay bahagi ng malaking mundo. Bilang kasapi ng pandaigdigang pamayanan, tungkulin natin na sumagot sa mga panawagan ng ating kalapit-bansa. May pananagutan tayong panatilihin ang kapayapaan, sa antas na lokal, nasyonal o global.

B. Makatutulong ako sa pagpapanatili ng kapayapaan sa aking bansa at sa buong mundo sa pamamagitan ng pagtataguyod nito sa aking sarili. Kung hindi natin sisimulan ang kapayapaan mismo sa ating sarili at sa mga kapitbahay, hindi natin matatamo ang tunay na kapayapaan. Mabubuhay ako nang mapayapa kahit na sa pinakasimpleng paraan.

Halimbawa:

- Kung may di pagsang-ayon ako sa sinumang miyembro ng aking pamilya at mga kaibigan, kakausapin ko sila at ipaliliwanag ko ang aking panig.
- Kapag lumapit sa akin ang aking kaibigan dahil may problema siyang personal, makikinig ako sa kanya. Pero, hindi muna ako agad makikialam sa problema niya hangga't hindi ako hinihilingang gawin ito.
- Kung may kaibigan ako, o kapitbahay, o sinumang miyembro ng aking pamilya na nangangailangan ng tulong, gagawin ko ang aking makakaya na tulungan siya. Sigurado ako na gagawin din nila ito sa akin kapag dumating ang pagkakataon na mangailangan ako ng tulong.

Mahalagang tandaan na ang di-pagkakaunawaan ay maaaring malutas nang mapayapa. Matatamo ito kahit hindi gagamit ng marahas na paraan. Kung may isang bagay na aking maibabahagi sa lahat upang matamo ang lokal at pandaigdigang kapayapaan, ito ay ang pagpapahalaga sa pagsasalita at pakikinig. Ang mga kaguluhan at di-pagkakaunawaan ay malulutas sa pamamagitan ng negosasyon at kasunduan.

**F. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?** *(pahina 46)*

Halimbawang Sagot:

*Kung ako ang pangulo ng UN, magsasagawa ako ng iba't ibang uri ng operasyong pangkapayapaan upang ibahagi sa pagitan ng dalawang bansa. Kasama sa misyong pangkapayapaan ang pagpapadala ng mga tagapamayapa na mamamagitan sa Iran at Iraq at pilitin silang buksan ang pinto ng negosasyon.*

*Kapag pumayag ang Iran at Iraq sa tigilputukan, magpapadala ako ng puwersang pangkapayapaan sa lugar na maglalayo sa mga nagkakagulong panig habang isinasagawa ang negosasyon. Dapat siguraduhin ng mga tagapamayapa na ang tigil-putukan ng dalawang panig ay tinutupad.*

*Kasama ang operasyong pangkapayapaan, magsasagawa ako ng makataong misyon. Magpapadala ako ng mga manggagamot na mag-aasikaso sa mga pangangailangan ng mga naghihirap na sibilyan na nasukol sa kaguluhan.*



## Talahuluganan

**Buffer zones** Mga neutral na lugar kung saan isinasagawa ang mga negosasyon

**Tigilputukan** Isang pansamantalang panahon ng kapayapaan sa pagitan ng mga magkalaban habang isinasagawa ang pag-uusap tungkol sa kanila.

**Pagsakal** Pagkakaroon ng kahirapan sa paghinga; baradong paghinga

**Mandirigma** Isang taong nasasangkot sa labanan o digmaan

**Labanan** Di-pagkakaunawaan, pagtatalo

**Deiffuse** Paghiwalayin

**Disarma** Pagbabawas at pagtatanggal ng mga armas na nakamamatay

**Eradicate** Pagpuksa o kumpletong pagbura

**Host Country** Ang bansa kung saan ang mga tagapamayapa ay ipinadadala

**Imperyalista** Tao o bansa na sumusuporta at naniniwala sa imperyalismo

**Imperyalismo** Palakad na ipinapakita ng isang bansa ang kapangyarihan at impluwensiya sa buong mundo sa pamamagitan ng mga paraang politikal at militar

**Interbensiyon** Paraan ng pagiging kasangkot

**Mass Destruction** Sanhi ng kasiraan ng tao at ari-arian

**Mamagitan** Subukang kunin ang pagsang-ayon ng dalawa o mahigit pang tao o pangkat na hindi sumasang-ayon sa isa't isa

**Militia** Nasanay na puwersang militar na ang mga kasapi ay hindi kabilang sa regular na hukbo pero kumikilos ito na parang militar

**Neutral** Walang kinikilingang panig sa panahon ng gulo o digmaan

**Oil Embargo** Paghihigpit sa pagbili at pagbenta ng langis

**Operasyon Misyon Hal:** Ang operasyong pangkapayapaan ay nangangahulugan ng misyong pangkapayapaan


**Tagapamayapa o Peacekeeper** Taong ipinadala ng Pandaigdigang samahan ng pangkapayapaan tulad ng UN sa mga lugar ng kaguluhan upang maging tagapagitan ng magkasalungat na panig

**Post Conflict** Pagkatapos ng kaguluhan; pagkatapos ng digmaan

**Referendum** Boto na ginagampanan bilang mahalagang isyu ng lahat ng tao sa isang bansa

**Refugee** Tao na sapilitang iiwan ang kanyang tahanan dahil may digmaan

**Treaty** Nilagdaang kasunduan



## Mga Sanggunian


Mc Clusky, Peter. CBC News Online. http://www.cbc.ca/news/ indepth/ peacekeepers. December 14,2000, date assessed.

Timorese Thank RP for Peacekeepers. Philippine Daily Inquirer. Interactive. http://www Inquirer.net/issues/feb 2000/feb 05/ news/news 4.htm. December 14, 2000, date accessed.

A Call for Intervention. PBS Online. < http://www.pbs.org/newshour/bb/asia/ july-dec 99/timot update 9-13.html. Dec 14, 2000, date accessed.

United Nations Peacekeeping: Some questions and Answers. http://www. Un.org/ Depts/ dp ko/ ques. Htm. December 12, 2000, date accessed.

50 Years of United Nations Peacekeeping Operations. < http: // www. un. org/ Depts/ dpko/ dpko/ 50 web/ 2.htm>. December 12, 2000, date accessed.

UN Teaching Units. < http: // www. un. Org/ Pubs/ Cyber School/ Bus/ peacekeeping/>. December 12, 2000, date accessed.

Secretary- General remains hopeful after talks with Arafat, Barak. UN News Service. http://www.un.org/News/dh/latest/. October 10, 2000, date accessed.

Heavy fighting in Afghanistan forces thousands to flee their homes: UNHCR. UN News Service. <http:// www. un. Org/ News/dh/latest/>. October 10, 2000, date accessed.

UN envoys urges continued international engagement in Kosovo. UN News Service. <http: // www. un.org/News/dh/latest/ >. October 10, 2000, date accessed.

Kosovo Testimonies. <www. decani. yunet. Com// archive feb.html>. December 14, 2000, date accessed.

UN in Brief. www.un.org. December 14, 2000, date accessed.

World War II. History Central. <http:/ www. history central. Com/ Ww2/ 39 to 40. Html>. December 14, 2000, date accessed.

Conclusions. <http: // www. geocities. Com/ Pentagon/ Quarters/ 5433/ conclusion. Htm/>. December 14, 2000, date accessed.

Santos, Soliman M. Jr. Islamic Diplomacy Consultation & Concensus. Accord Mindanao <http:// www. c-r. org/ acc min/ santos. Htm>. November 16, 2000, date accessed.